Alamin kung paanong mapoprotektahan ang buhay mo, at lumikas kung kailangan.

**Kahit hindi pa humuhupa ang novel coronavirus disease (COVID-19),**

*kapag may tumamang sakuna,* ***kailangan mo pa ring umalis sa mapapanganib na lugar.***

# 5 bagay na dapat malaman

- Ang paglikas ay nangangahulugang paglayo sa panganib. **Kung ikaw ay nasa ligtas na lugar, hindi mo kailangang magpunta sa evacuation shelter**.
- Hindi lang mga elementary at junior high school o community center ang mapagpipilian. Isaalang-alang ang **paglikas sa bahay ng kamag-anak o kaibigan kung ligtas ito**.
- May kakulangan sa **masks, disinfectant, at thermometers.** Hangga't maaari, **magdala ng sa iyo**.
- **Maaaring nagbago ang bilang o dumami ang mga evacuation center** na itinalaga ng iyong lokal na pamahalaan. Sa isang sakuna, tiyaking **itsek ang website, atbp. ng iyong lokal na pamahalaan.**
- **Mapanganib** ang lumabas kapag may malakas at tuluy-tuloy na apg-ulan **kahit pa nakasasakyan ka**. Kapag napilitan kang **palipasin ang gabi sa sasakyan, mag-ingat nang mabuti at itsek ang iyong kapaligiran, atbp.,** upang tiyaking hindi ka maiipit sa baha.

Tanggapan ng Gabinete (Pamamahala ng Sakuna) at
Ahensiya ng Pamamahala sa Sunog at Sakuna

# Ngayon ang panahon para alamin kung ligtas ba ang iyong tahanan!

## Daloy ng Paglikas

**Simula!**

### Anong dapat mong gawin para lumikas?

Hanapin at markahan ang lokasyon ng iyong tahanan sa isang hazard map.*

* Ang hazard map ay isang mapa kung saan may kulay ang mga lugar na may mas mataas na panganib sa mga sakuna tulad ng pagbaha o pagguho ng lupa. Gayunpaman, pwede pa ring mangyari ang gma sakuna sa mga lugar na walang kulay.

Nasa lugar ba na may kulay ang iyong tahanan?

Hindi → Kahit hindi ka nakatira sa lugar na may kulay, kung ang lugar ay mas mababa sa paligid nito o malapit sa isang bagin, dapat mong itsek ang impormasyong ibinigay ng iyong lokal na pamahalaan at lumikas kung kinakailangan.

Oo

Malapit sa sakuna ang iyong tahanan, kaya dapat kang lumikas, ayon sa tuntunin.*

Eksepsyon →

* Kahit sa mga lugar na malaki ang panganib ng pagbaha, pwede kang manatili sa tahanan nang ligtas sa mga sumusunod na kalagayan:
1) Wala ka sa lugar kung saan may malaking panganib ng pagguho o pagkasira ng mga bahay dahil sa baha.
2) Mas mataas sa baha ang kinatitirikang lupa ng iyong bahay.
3) Kahit bumaha, may sapat kang tubig, pagkain, at iba pang supplies hanggang humupa ang baha.
* Kahit sa mga lugar na may panganib na gumuho anglupa, pwede kang manatili sa tahanan nang ligtas kung nakatira ka sa mga itaas na palapag ng matitibay na gusali, tulad ng mga apartment.

Matatagalan ka ba at sinumang kasama mo na lumikas?

Hindi

Oo

May kamag-anak o kaibigan ka bang nakatira sa ligtas na lugar kung saan pwede kang makituloy?

Oo

Sakaling magkaroon ng level-3 warning, lumikas sa tahanan ng kamag-anak o kaibigang nakatira sa ligtas na lugar. (Magpaalam sa kanila bago magka-sakuna.)

Hindi

Sakaling magkaroon ng level-3 warning, lumikas sa evacuation shelter na itinalaga ng iyong lokal na pamahalaan.

May kamag-anak o kaibigan ka bang nakatira sa ligtas na lugar kung saan pwede kang makituloy?

Oo

Sakaling magkaroon ng level-4 warning, lumikas sa tahanan ng kamag-anak o kaibigang nakatira sa ligtas na lugar. (Magpaalam sa kanila bago magka-sakuna.)

Hindi

Sakaling magkaroon ng level-4 warning, lumikas sa evacuation shelter na itinalaga ng iyong lokal na pamahalaan.